Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPU'T APAT NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-26 NG SETYEMBRE, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
3. Kgg. RAUL P. AALA	- Kagawad
4. Kgg. LAUDEMER A. CARTA	- Kagawad
5. Kgg. MARCELITO S. LASERNA	- Kagawad
6. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA	- Kagawad
7. Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
8. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ	- Kagawad
9. Kgg. ARIES A. ALCABASA	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
2. Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1096-2001

(Akda ni Pang. Punong-bayan JOSE B. CATINDIG, Jr.)
(Sa mungkahi ni Kgg. Factoriza na pinangalawahan ni Kgg. Gomez)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NA ANG PAGPAPATIBAY NG PAGKAKAROON NG SARILING GARAHE/PARADAHAN AY MAGING KARAGDAGANG PANGSUPORTA SA PAGKUHA NG PRANGKISA/LINYA/LEGALIZATION NG MGA PAMPASAHERONG TRICYCLE.

SAPAGKA'T, kapansin-pansin na karamihan sa mga may-ari ng sasakyang tricycle ay walang sariling paradahan, at ipinaparada lamang sa mga daan at kalsada na nagiging sanhi ng pagsikip ng daan at nag-aanyaya ding magdulot ng krimen kung mananakawan at aksidente;

SAPAGKA'T, mas mapapabuti at mapapa-ayos ang sektor ng tricyle sa bayan ng Santa Rosa, kung may matibay na batas sa mangangalaga sa sektor;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINAPASIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtatakda na ang pagpapatibay ng pagkakaroon ng sariling garahe/paradahan ay maging karagdagang pangsuporta sa pagkuha ng prangkisa/linya/legalization ng mga pampasaherong tricycle, na tutugon sa sumusunod na pamamaraan at patakaran:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SEKSIYON 1. Itinatakda na ang Katibayan ng pagkakaroon ng sariling garahe/paradahan ay maging karagdagang dokumentong pangsuporta sa pagkuha ng PRANGKISA/LINYA/LEGALIZATION ng pampasaherong tricycle.

SEKSIYON 2. Ang Katibayang pinapaksa ay isang dokumentong magmumula sa Pamahalaang Bayan at kinakailangang lagdaan ng PUNONG-BARANGAY, kung saan nakatira ang may-ari at ng Pangulo ng Tricycle Operators and Drivers Association, kung saang ruta kabilang ang pampasaherong tricycle;

SEKSIYON 3. Itinakdang ang pagpapatotoo, pagpapatunay ay magiging pananagutan ng lumagdang kinatawan ng TODA at ng Punong-barangay.

SEKSIYON 4. Ang sinumang may-ari ng tricycle na lalabag sa Kautusang ito ay paparusahan sa paglabag ng Kautusang ito sa pamamagitan ng pagkansela ng ipinagkaloob ng prangkisa/linya/legalization

at

multa sa paglabag sa KAUTUSANG BAYAN Blg. 780-'99 na nag-aatas ng Paghila sa mga nakahimpil/nakaparadang sasakyan sa buong kahabaan ng mga daan sa Santa Rosa, Laguna.

Gayundin ay binibigyang diin na mananagutan sa batas ang sinumang lalagda sa pagpapatunay na isusulit ng sinumang may-ari ng tricycle.

SEKSIYON 5. Ang Kautusang ito ay susog sa KAUTUSANG BAYAN Blg. 914-'99, - ANG PAMBAYANG ALITUNTUNIN SA PAMAMASADA NG PAMPASAHERONG TRICYCLE AT PAGKAKALOOB NG PRANGKISA/LINYA/ LEGALIZATION.

SEKSIYON 6. Magkakabisa ang Kautusang ito sa Ika-1 ng Enero, 2002.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

LEON C. ARCILLAS
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-34 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-26 ng Setyembre, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim